

Chapter One



Ipinatawag si Althea ng Vice President for Nursing and Chief Nursing Officer ng *St. Luke's Medical Center*. Mrs. Carlota Escobar was a slim woman in her early fifties with a confident stance and a friendly smile. Mataas ang respeto niya rito dahil isa ito sa naging mentors niya.

“Thea, maupo ka, Hija.”

Umupo siya sa visitor's chair na nasa harap ng mesa nito.

May kinuha itong folder at iniabot sa kanya. Medical records iyon at litrato ng isang batang babae.

“Siya si Belinda Reyes. Her grandmother, Mrs. Amparo Reyes, is a good friend of my family. More than a year ago, na-involve sa isang car accident ang bata. It was the same accident which killed the girl's mother and severely injured the father. The girl suffered a lumbosacral spinal cord injury which caused incomplete paralysis on her lower limbs. Fortunately, the child was wearing seat belt at the time and the father managed to maneuver the car to save the girl from the full impact of the collision.”

Binasa ng dalaga ang medical history nito. The girl was treated at *Makati Medical Center* after the accident, had undergone a surgical operation and was discharged after a month. Tatlong physical therapists na ang humawak dito. Sa kasalukuyan ay tuloy pa rin ang

rehabilitation therapy ng bata. She had been undergoing range of motion exercises, strengthening exercises and gait retraining, among other techniques. Mataas ang score nito sa Lower Extremity Motor Scale at positibo rin ang prognosis dito ng mga doktor.

“It’s been more than a year after the accident,” she commented. “Pero bakit hindi siya makalakad?”

“May hinala si Tita Amparo na nasa isip na lamang ng bata ang kapansanan niya. She lost her mother in the accident. Bukod sa physical injury, nagkaroon din ng psychological trauma ang bata.”

“The girl needs a shrink. Ano’ng kinalaman ko dito, Ma’am?”

“Amparo requested for your service as a personal nurse. Babalik na siya sa Los Angeles sa katapusan ng buwan at kailangan niya ng mag-aalaga sa kanyang apo.”

Napailing si Althea. “Ma’am...” Pero itinaas ng ginang ang dalawang kamay.

“Gusto niyang ikaw ang mag-alaga sa apo niya habang wala siya. You will also be supervising her treatment and rehabilitation. May medical staff na tumitingin sa bata on schedule. Alam kong labas ito sa specialization mo. But I couldn’t think of a better person to accomplish the job.”

So the older woman needed a nanny for the kid.

“I know this is very uncommon, Thea. Pero gusto ko sanang makiusap. Belinda means a lot for Tita Amparo. I’m asking you to help her.”

Althea looked at the little girl’s photo again. Maganda ito, parang isang buhay na manyika ang mukha. Pero

malungkot ang mga mata ng bata. Something tugged at her heartstrings.

Carlota sighed and leaned forward.

“I’ve known you since you were an intern. You’re one of the best pediatric nurses I’ve worked with. I’ve watched you with your patients. You’re a natural when it comes to children. Sa totoo lang, p’wede akong magrekomenda ng iba. But I can’t think of someone as capable as you to do the right thing for that girl.”

“Hindi ko po kayo maintindihan. I’ve undergone the same training as my colleagues.”

“Hindi kaalaman ang tinutukoy ko, Thea. You have this amazing ability to create a bond with your patients. You always go the extra mile to help them. Your positivity is what makes you special.”

Napanganga ang dalaga. Hindi niya akalaing mapupuna ng kahit sino, lalo na ng kausap, ang kanyang ginagawa. Hindi madaling maging isang nurse. She’s a very emotional and empathic person. And to be surrounded by disease and despair and sometimes death every day, it could break anyone’s spirit. Ang gusto lang niya ay ang mapagaan ang burden na dinadala ng mga pasyente sa abot ng kanyang makakaya. It makes a difference to someone bedridden to know that there’s one more person who cares. Madalas, hindi lang siya isang nurse, isa rin siyang kapatid, isang magulang, isang kaibigan.

“Tita Amparo’s very lenient about the salary. She’ll do anything just to help her granddaughter. You can discuss the details of your job with Tita Amparo.

Hindi mo kailangang mag-alala sa trabaho mo dito sa ospital. Bibigyan kita ng tatlong buwang bakasyon para makapagtrabaho ka sa mga Reyes.”

Wala siyang masabi. Mukhang naiplano na ni Carlota ang lahat hindi pa man siya nakakausap.

“Ma’am Escobar, I still think I’m not the right person for this job. But I’ll do my best.”

Masuyong ngumiti ang matanda.

“I’m sure you will, Thea. Maniwala ka sa akin, kung mayroon mang makakatulong sa batang iyon, ikaw ’yun. I trust you.”

Carlota’s faith in her both flattered and scared her. She scribbled something on a piece of paper.

“Iyan ang address ng mga Reyes sa *Dasmariñas Village*. Nariyan din ang cellphone number ni Tita Amparo. Maaari mo siyang tawagan para malaman mo kung kailan ka p’wedeng magsimula.”

“Sige po.” Nagpaalam na si Althea sa nakatatandang babae.

Pagdating sa kanilang station ay kaagad niyang tinawagan si Em. Ka-share niya ito sa apartment niya sa *New Manila*. Isa na itong events coordinator ngayon at may sariling maliit na kompanya sa *TriNoma*.

“Ano’ng sinabi sa iyo ni Mrs. Escobar? Bakit ka pinatawag?”

“It’s about this paraplegic girl.” Ikinuwento niya rito ang detalye.

“Tinanggap mo?”

“It’s more like an order, Em. Apparently, the child’s grandmother is her friend. At saka naawa din kasi ako

d'un sa bata. Kung makikita mo lang ang picture niya. And you know me, I have a soft spot for kids.”

“So paano? Kung stay-in nurse ang gusto niya, di doon ka muna titira?”

“Tatawagan ko pa si Mrs. Reyes.”

“Masyado ka kasing mabait sa mga pasyente mo, kaya siguro ikaw ang napili,” komento ni Em.

Napangiti siya.

“Oh well, tanggapin ang lahat ng dumarating na grasya. Suwerte mo talaga.”

“Nagsalita ang hindi.”

Kung may suwerte sa kanilang dalawa, si Em iyon. In just three years after her friend graduated from college, she had opened her own company. Naging tuluy-tuloy na ang pag-asenso nito.

“O sige na. Alam kong busy ka sa trabaho. Mamaya na lang natin ituloy ang pag-uusap.”

Nang mag-hang up ito ay sunod niyang tinawagan ang kanyang ina. Nanatili sa bahay nila sa Naic, Cavite ang kanyang mga magulang samantalang silang dalawa ni Em ay nagdesisyong kumuha ng sariling apartment sa Quezon City, malapit sa pinapasukang trabaho.

Her mother was ecstatic. Katulad ni Carlota ay mataas din ang tiwala nitong malaki ang maitutulong niya sa bata. Kahit paano nakadagdag iyon sa confidence ni Althea.

She called Mrs. Amparo Reyes afterwards. Tuwang-tuwa ito nang malamang tinanggap niya ang trabaho bilang personal nurse ng apo. Gusto nitong makausap siya nang personal kinabukasan. Tiyempo namang wala

siyang duty sa hospital kaya pumayag siya.

Kinabukasan ay nagtungo siya sa address na ibinigay ni Carlota. Mahigpit ang security sa gate ng subdivision. Kinailangan pang tawagan ng guwardya si Mrs. Reyes para lang i-confirm ang appointment niya.

Parang nahihiya siyang patakbuhan ang segunda-manong *Toyota Corolla* sa sementadong daan sa loob ng subdivision. Gusto niyang malula sa naglalakihang mansyon na nadaraan. Kahit ang two-storey mansion ng mga Reyes ay nakikipagsabayan sa karangyaan ng mga nasa paligid. The Spanish style mansion sat on more than a thousand square meters of lawn surrounded by low bushes and trees and an assortment of colorful flowers.

Isang unipormadong guard ang nagbukas ng gate nang bumusina si Althea. Sinalubong siya ng isang katulong nang bumaba siya ng sasakyan. They went down the few curved steps toward a graceful archway to the front door. Iniwan siya ng katulong sa sala at sinabing tatawagin lang nito ang amo.

Althea couldn't help but admire the interior of the house. Ilan sa mga distinct architectural elements ng Spanish style villas ay ang mga curves at arches, printed tile at ornamental iron works. Lahat iyon ay nakikita niya sa paligid ng bahay.

“Miss Laurel?”

Lumingon siya sa matandang babaeng nakatayo sa bungad ng pasilyong tinungo ng katulong kanina.

“Magandang umaga po,” nakangiting bati niya. The older woman smiled. Mula ulo hanggang paa ay aristokrata itong tingnan kahit sa simpleng maxi dress

na suot. She wore her hair in a bun at ang ilang hibla ay kumawala na sa pagkakatali. Sa tantya niya ay nasa late sixties na ang edad nito, pero mukha itong kaedad lang ni Carlota.

Lumapit ang matanda at ginagap ang dalawa niyang kamay.

“I’m so glad you’re here. Carlota spoke highly of you the last time we talked.”

Bahagyang namula ang kanyang mga pisngi. Pinaupo siya ng ginang.

“I assume she already briefed you regarding my granddaughter’s condition.”

Tumango siya.

“I’m leaving at the end of the month. Kailangan ko ng mapag-iwanan ko kay Belinda. Alam kong iniisip mong yaya ang kailangan niya at hindi isang nurse, at tama ka. But I want someone with medical expertise in case she’ll need it. Lately kasi, lalo siyang naging matamlay at withdrawn. Mapapanatag lang ang loob ko kung alam kong isang capable na tao ang pag-iwanan ko sa kanya.”

“N-nasaan ho ba ang daddy niya?”

Base sa pagkakatanda ni Althea, ang ina lang ni Belinda ang namatay sa aksidente.

“I couldn’t rely on my son. Isa pa nga siya sa inaalala ko.”

“I-is he an invalid, too? Pasensya na po sa term.”

The older woman smiled. “It’s okay. And no, he’s not an invalid. But I fear the accident had left him more damaged in the inside than out.”

Pakiramdam niya ay kalabisan nang mag-usisa pa

siya.

“Wala kang dapat alalahanin sa suweldo, Miss Laurel.”

“Thea na lang po,” singit niya.

“Thea, gusto ko ring malaman mo na may pagkabugnutin ang apo ko. She doesn’t react positively to strangers. Hindi naman siya dating ganoon. She’s such a sweet child.”

Nakaramdam ng awa si Althea sa matanda. She could feel how much the old woman loved her granddaughter and how frustrated she was at what the girl had become.

“Normal lamang po sa mga taong nakaranas ng ganoong trauma ang mood swings. Pasasaan ba’t babalik din po siya sa dati.”

“I really hope, Hija. She’s just seven years old. Marami pa siyang magagawa sa buhay niya.”

“Nasaan po ba siya ngayon? Maaari ko po ba siyang makita?”

“She’s in the pool house. Halika, sasamahan kita sa kanya.”

Lumabas sila sa isang side entrance at nilakad ang covered porch patungo sa pool house. Katulad ng main house, dominant din ang curves at arches sa maliit na building.

Nasa pinakagitna ang oval pool at nasa ilalim ng isang skylight. Sa isang sulok patalikod sa kanila ay nakaupo sa wheelchair ang isang batang babae. Nakatungo ito.

“She’s reading. She loves to read books.” Puno ng pagmamalaki ang tinig ng matanda.

Natuon ang pansin ni Althea sa pag-alon ng tubig sa pool. May isang pigurang biglang umahon sa kabilang side. Isang lalaki.

“That’s my son. Siya ang ama ni Belinda.”

Biglang umalon ang dibdib ni Althea. The man on the other end chose that time to turn toward them.

She sucked her breath. His face!

Naningkit ang mga mata ng lalaki. Dinampot nito ang tuwalyang nakapatong sa isang lounge chair at ipinunas sa basang katawan. Sa paningin ng dalaga ay animo slow motion ang bawat kilos nito. Habang naglalakad ito palapit, nakasuot lang ng isang tight boxer, hindi niya magawang alisin ang mga mata rito. She couldn’t help but notice the long scar running from his left temple down to his jaw, and another scar stretching from his breastbone going to the left side of his chest.

Despite the scars, she found herself being mesmerized by his presence.

Memories came flashing back, bittersweet memories of her high school life and that fateful moment when she had learned about rejection, true friendship, self-worth and acceptance.

Unconsciously, her heart started reliving the past.

